Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

10 Agosto 2025 | Ika-19 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# PANANAMPALATAYA NATIN ANG ATING LAKAS

*Ang paksang diwa ng Linggong ito ay "pananampalataya" – ang pananampalatayang nagpapahayag sa ating tayo ay mga anak ng Diyos at nag-uudyok sa ating magalak sa Kanyang pagliligtas sa atin bilang Kanyang mga anak.*

*Dulot sa atin ng mga pagbasa ngayon ang naging bisa ng pananampalataya sa buhay ng mga dakilang kampeon ng mga Judio, gayon din ang dapat maging bisa nito sa ating sariling buhay. Ang pananampalataya ay siyang dakilang kaloob ng Panginoon na di lamang dapat ipahayag ng ating mga labi, kundi marapat patunayan sa gawa. Gayon ang pananampalatayang nakapangyayari sa kawanggawa, ang pananampalatayang nagliligtas at naghahatid ng liwanag at lakas sa atin.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Tipan mo, Poon, sa amin ay huwag mong lilimutin nang ang aba'y h'wag apihin at kalaban mo'y matigil sa kanilang paniniil.** ***(Sal 74:20.21.23)***

### Pagbati

***P***–Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
***B***– **At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P***– Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat tayo sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** –Hinirang mo kami upang magbunga ng kabutihan at kabanalan. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Ikaw ang Panginoong darating upang hatulan ang lahat sa wakas ng panahon. Kristo, kaawaan mo kami.
***B*** –**Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** –Ikaw ang bukal ng aming pananampalataya at gantimpalang minimithi ng tanan. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P***– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B***– **Amen.**

### Papuri

***B***– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P***–Ama naming makapang-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

yarihan, lakas-loob ka naming tinatawagan sa ngalan mong Ama naming banal. Sa kalooban namin ay panahanin mong lubos ang iyong Espiritung sa ami'y kumukupkop upang sa lupaing ipinangako kami'y makapasok sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Kar 18:6-9***

*Ang salaysay ng Exodo ay isang napakahalagang karanasan sa kasaysayan ng bayang Israel. Ang kanilang tapat na pananalig sa tulong ng Panginoon ay siya nilang dakilang pag-asa noon.*

***L*** –Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan


**Ang mangyayari sa gabing yaon ay ipinagpauna mong sabihin sa aming mga ninuno, upang magalak sila sa kaganapan ng iyong mga pangako sa kanila. Alam ng iyong bayan na ililigtas mo ang mga matuwid at parurusahan ang kanilang mga kaaway. Ang paraang ginamit mo sa pagpaparusa sa aming mga kaaway ay siya mo ring ginamit na pantawag sa amin upang kami'y bahaginan mo ng iyong kaluwalhatian. Ang mga tapat na anak ng mabuting bayang ito'y lihim na naghahandog. Nagkaisa silang sumunod sa mga utos ng Diyos at magsama sa hirap at ginhawa. Noon pa'y inaawit na nila ang matatandang awit na ito ng papuri.**

Ang Salita ng Diyos.
***B*** **– Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
***Salmo 32:1.12.18-19.20.22***

***B*** ***–Mapalad ang ibinukod na bansang hinirang ng D'yos.***

*R. M. Velez*




*** Lahat ng matuwid, dapat na magsaya dahil sa ginawa ng Diyos sa kanila; kayong masunuri'y magpuri sa kanya! Mapalad ang bansang ang Poon ang Diyos, mapalad ang bayang kanyang ibinukod.** ***B.***

*** Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila'y binubuhay.** ***B.***

*** Ang ating pag-asa'y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Ipagkaloob mo na aming makamit, O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa'y sa 'yo nasasalig!** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa**
***Heb 11:1-2.8-19***

*Gaya ng paalaala ng may-akda ng Liham sa mga Hebreo, Pananalig sa Diyos ang tampok na katangian ng mga dakilang tao noong araw. Patuloy na inspirasyon natin hanggang ngayon ang kanilang matibay at matatag na pananalig.*

***L*** –Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid: Tayo'y may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita. At kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananalig sa kanya.**

**Dahil sa pananalig sa Diyos, tumalima si Abraham, nang siya'y papuntahin ng Diyos sa lupang ipinangako sa kanya. At humayo siya, bagamat hindi niya alam kung saan paroroon. Dahil din sa kanyang pananalig, siya'y nanirahan bilang dayuhan sa lupang ipinangako sa kanya ng Diyos. Tumira siya sa mga tolda, kasama nina Isaac at Jacob na kapwa tumanggap ng gayon ding pangako mula sa Diyos, habang hinihintay niyang maitatag ang lunsod, na ang nagplano at nagtayo ay ang Diyos.**

**Dahil din sa pananalig sa Diyos, si Sara, bagamat matanda na, ay niloob ng Diyos na magkaanak, sapagkat nanalig siya na tapat ang nangako. Kaya't sa taong maituturing na halos patay na ay nagmula ang isang lahi na naging kasindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dalampasigan.**

**Silang lahat ay namatay na may pananalig sa Diyos. Hindi nila nakamtan ang mga ipinangako ng Diyos, ngunit natanaw nila iyon mula malayo. Kinilala nilang sila'y dayuhan lamang at nangingibangbayan dito sa lupa. Ipinakikilala ng mga taong nagsasalita nang gayon na naghahanap pa sila ng sariling bayan. Kung ang naaalaala nila'y ang lupaing pinanggalingan nila, may pagkakataon pang makabalik sila roon. Ngunit ang hinahangad nila'y isang lunsod na lalong mabuti, yaong nasa langit. Kaya't hindi ikinahiya ng Diyos, na siya'y maging Diyos nila, sapagkat ipinaghanda niya sila ng isang lunsod.**

**At nang subukin ng Diyos si Abraham, pananalig din ang nag-udyok sa kanya na ihandog si Isaac bilang hain sa Diyos. Handa niyang ihandog ang kaisa-isa niyang anak, gayong ipinangako sa kanya ng Diyos na kay Isaac magmumula ang magiging lahi niya. Naniniwala siyang muling mabubuhay ng Diyos si Isaac. At sa patalinghagang pangungusap, nabalik nga sa kanya si Isaac mula sa mga patay.**

Ang Salita ng Diyos.
***B*** **– Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***Mt 24:42a.44***

***B*** **–Aleluya, aleluya.**
**Tayo ay laging magtanod sapagkat di natin talos ang pagbabalik ni Hesus.**
**Aleluya, aleluya.**

**Mabuting Balita** ***Lu 12:32-48***

*Ang paghihintay nang buong pananalig sa pagbabalik ng Panginoon ay siyang dapat na maging katangian ng mga buhay ng kanyang mga alagad. Tunay na pag-ibig at pananalig ay laging handa sa pagtanggap sa Mahal na Panginoon ano mang oras.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.
***B*** **–At sumaiyo rin.**
***P*** –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B*** **– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Huwag kayong matakot, munting kawan, sapagkat ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian. Ipagbili ninyo ang inyong ari-arian, at mamigay kayo sa mga dukha! Gumawa kayo ng mga lukbutang hindi naluluma, at mag-impok ng kayamanan sa langit, na hindi nakukulangan**

**sapagkat doo'y walang makalalapit na magnanakaw at walang makapaninirang insekto. Sapagkat kung saan naroon ang inyong kayamanan ay naroon din naman ang inyong puso.**

**Maging handa kayo at sindihan ang inyong mga ilawan. Tumulad kayo sa mga taong naghihintay sa pag-uwi ng kanilang panginoon mula sa kasalan, para pagdating niya ay mabuksan agad ang pinto. Mapalad ang mga alipin na abutang nagbabantay pagdating ng kanilang panginoon. Sinasabi ko sa inyo, maghahanda siya, padudulugin sila sa hapag, at maglilingkod sa kanila. Mapapalad sila kung maratnan niya silang handa, dumating man siya nang hatinggabi o madalingaraw siya dumating. Tandaan ninyo ito: kung alam lamang ng puno ng sambahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, hindi niya pababayaang pasukin ang kanyang bahay. Kayo ma'y dapat humanda, sapagkat darating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaasahan."**

**Itinanong ni Pedro, "Panginoon, sinasabi po ba ninyo ang talinghagang ito para sa amin o para sa lahat?" Tumugon ang Panginoon, "Sino nga ang tapat at matalinong alipin? Hindi ba siya ang pamamahalain ng kanyang panginoon sa sambahayan nito, upang magbigay sa ibang mga alipin ng kanilang pagkain sa karampatang panahon? Mapalad ang aliping iyon, kapag dinatnan siyang gumagawa ng gayon pagbabalik ng kanyang panginoon. Sinasabi ko sa inyo: pamamahalain siya ng kanyang panginoon sa lahat ng ari-arian nito. Ngunit kung sabihin sa sarili ng aliping iyon, 'Matatagalan pa bago magbalik ang aking panginoon,' at simulan niyang bugbugin ang ibang aliping lalaki at babae, at kumain, uminom, at maglasing, darating ang panginoon ng aliping yaon sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi niya alam. Buong higpit na parurusahan siya ng panginoon, at isasama sa mga di-tapat.**

**At ang aliping nakaaalam ng kalooban ng kanyang panginoon ngunit hindi naghanda ni sumunod sa kalooban nito ay tatanggap ng mabigat na parusa. Ngunit ang aliping hindi nakaaalam ng kalooban ng kanyang panginoon at gumawa ng mga bagay na nararapat niyang pagdusahan ay tatanggap ng magaang na parusa. Ang binigyan ng maraming bagay ay hahanapan ng maraming bagay; at ang pinagkatiwalaan ng maraming bagay ay pananagutin sa lalong maraming bagay."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## Panalangin ng Bayan

***P*–**Panawagan ng Panginoo'y tibayan natin ang ating pananalig at patunayan ito sa mga gawa bilang tunay na mga tagasunod niya. Batid ang ating kahinaan, manawagan tayo at humiling ng kaniyang tulong:

***B* – Panginoon, patatagin kami sa pananampalataya!**

* Para sa Simbahan, ang Esposa ni Kristo: Nawa'y ang pananalig niya sa Panginoong Hesus ay manatiling inspirasyon para sa lahat at mapatunayan ito sa kawanggawa. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at mga kura paroko: Nawa'y tapat nilang patnubayan ang mga pinamumunuan sa pamamagitan ng kanilang mga pangaral at halimbawa ng matibay at dalisay na pananampalataya. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng pinanghihinaan ng loob dahil sa masamang halimbawa ng ilang nananampalataya: Nawa'y pagalingin ng Banal na Espiritu ang kanilang mga sugat na pandamdami't pangkaluluwa at papagningasin sa kanila ang alab ng matatag na pananalig. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa ating lahat at sa mga mahal natin sa buhay: Nawa'y pahalagahan natin ang ating pananampalatayang Katoliko, pasiglahin ito ng panalangin, at isabuhay ito araw-araw. Manalangin tayo. ***B.***

***P*–**Panginoong Hesus, tulutan mong makilala ka nami't paglingkuran sa aming kapwa hanggang makaharap ka namin sa Kaharian kung saan ka nabubuhay at naghahari magpasa walang hanggan.

***B*– Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang mga alay ng iyong sambayanan. Ang ipinagmagandang-loob mong ibigay sa amin upang maihain ay siya nawang gumanap ng iyong ginagawa upang kami'y tubusin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

## Prepasyo IV

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.

***B*** – **At sumaiyo rin.**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B*** – **Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P*** **–**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **–Si Kristo'y namatay, si Kristo'y nabuhay, si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** **–** Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Purihin mo, Jerusalem, Poon ay iyong purihin. Siya ay lubhang butihing nagbibigay ng pagkaing mayro'ng linamnam na angkin.**

***(Sal 147:12.14)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** **–** Ama naming mapagmahal, ang pakikinabang namin sa piging na banal ay magdulot nawa sa amin ng kaligtasan at magtanghal sa amin sa luningning ng iyong katapatan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*** **–**Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

***P*** **–**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak at Espiritu Santo.

***B*** **–Amen.**

***P*** **–**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B*** **–Salamat sa Diyos.**

# MITHIIN, TUNTUNIN

*Kalakbay at Katoto*

**Linaw ng paningin ang paksa natin noong nakaraang Linggo. Kung ano ang tingin, siyang turing.** Kung pinahahalagahan natin ang mga bagay na di nagtatagal at kagya't naglalaho, ito ay isang halimbawa ng binabanggit ni Kohelet: *"Walang kabuluhan … walang kakabu-kabuluhan!"* Hindi yaman, at lalong hindi ang kasakiman, ang dapat na ituring na hantungan ng buhay ng mga taga-sunod ni Kristo.

**Ang mga pagbasa natin ngayong araw na ito ay tila karugtong ng paksang ito noong isang Linggo.** Kung noong nakaraang Linggo ay pinaalalahanan tayo na ang pinakamahalaga ay di yamang materyal, o anumang bagay na makamundo, sa araw na ito, tinutuunan ng mga pagbasa kung ano ang dapat ituring na hantungan at hangganan ng buong buhay ng tao.

Ano nga ba ang siyang dapat pagtuunan ng pansin ng tao nang higit sa lahat? Ano nga ba ang siyang dapat at wastong mithiin ng bawa't nilalang sa mundong ito?

**Ang aklat ng Karunungan ay tumutugon sa ating katanungan. Walang iba kundi ang Diyos ang maituturing na nasa likod ng lahat ng kababalaghang naganap sa pagtawid ng mga Israelita sa dagat, habang tinutugis ng mga Egipcio** (Unang Pagbasa). Wala ring iba maliban sa Diyos ang siyang sinunod ni Abraham, at siyang naging tampulan ng kanyang dakilang pananampalataya, magpasahanggang ialay niya ang tangi

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

niyang anak na si Isaac (Ikalawang Pagbasa). Maliwanag na hindi lamang linaw ng paningin ang pinag-uusapan dito. Maliwanag na hindi lamang mithiin ang pinapaksa natin ngayon.

Ito ang binigyang-liwanag ng ebanghelyo ayon kay Lucas. Hindi sapat aniya ang hindi mabulagan ng bagay na makamundo. Hindi sapat na hindi mabulagan ng pag-aasam ng yaman. May higit pang dapat tayong pagtuunan ng pansin. Hindi maaaring ang tao ay manatili sa ilalim ng balag ng alanganin. Kung hindi makamundong bagay ang mithiin natin, dapat ay mayroon tayong higit sa lahat ay pinahahalagahan. Ang tao ay nilikha ng Diyos na dapat mayroong pinanghahawakang pagpapahalaga.

**Ito ang paanyaya sa atin ng ebanghelyo ni Lucas. Ang linaw ng mata ay dapat matuon sa malinaw ring mithiin.** At ang mithiing ito, na higit sa lahat ng makamundong mithiin, ay walang iba kundi ang parehong Diyos ni Abraham, ni Isaac, at ni Jacob. Siya ang Diyos ng pangako at pagtupad ng pangako.

Kung minsan, mahirap mag-anyaya ng tao kung hindi niya alam ang kaniyang gusto. Hindi sapat na tanungin ang isang tao kung ano ang ayaw niyang pagkain. Matapos mong matanong siya kung ano ang ayaw, darating ang punto na dapat mo siyang tanungin kung ano ang gusto niya. Mahirap umorder sa restoran ng menu na ang pangalan ay "kahit ano."

**Noong isang Linggo, tiniyak natin na hindi yaman at pagkakamal ng salapi ang ating hantungan.** Ngunit tiniyak din natin na hindi kasalatan at paghihikahos ang gusto ng Diyos para sa atin. Bagama't dineklara ni Kristong "mapalad" ang mga dukha, hindi niya sinasabing ang pagiging dukha ang siyang dapat na maging mithiin ng lahat ng tao. Hindi "kahit ano" ang paanyaya at kalooban ng Diyos para sa kanyang bayan.

Kung hindi "kahit ano" o "maski ano," ano bang mithiin ang dapat mayroon ang tao? Tama lang bang paningin at wastong pagturing? Tama lang bang pagkilatis at wastong hangarin?

Hindi. Hindi lamang ang mga iyon. Ang hangarin na bunga ng wastong pagkilatis ay dapat na hindi manatiling mithiin. Ang paalaala ni Kristo ay malinaw: ***"Manatiling gising at handa. Sapagka't hindi ninyo alam ang araw kung kailan darating ang Panginoon"*** (Bersikulo ng Aleluya). **Ang siyang dapat mithiin ay walang iba kundi ang Panginoon mismo … hindi yaman, hindi kasalatan, bagkus ang Diyos na higit sa lahat.**

Subali't ang hangaring ito ay may kaakibat na tungkulin. Una, magpaanyo kayo ng lukbutang hindi nananakaw o nasisira, isang yamang makalangit, sapagka't kung saan naroon ang yaman ay nanduon rin ang inyong puso." Ikalawa, "maging tulad ng mga utusang naghihintay sa pagbabalik ng kanilang amo mula sa kasalan na handang magbukas ng pinto sa oras ng pagkatok. Mapalad ang mga utusang matatagpuang nagbabantay sa pagbabalik ng amo."

**Ang mithiin natin ay walang iba kundi ang Diyos. Siya ang tampulan ng lahat nating hangarin.** Siyang ating mithiin ay siya ring ating tuntunin. *"Mapalad ang utusang madadatnang gumagawa ng kanyang tungkulin."* Hindi sapat ang mangarap. Ito ay dapat lakipan ng pagsisikap. Kung anong mithiin, siya ring tuntunin.